

TOPICAL MEMORY SYSTEM

# **72 VERSES**

BY THE NAVIGATORS

FILIPINO

Scripture texts are from the Magandang Balita Biblia (Revised) (RTPV05)  
© 2005 Philippine Bible Society, used with permission.

# MEMORY HABITS TO DEVELOP AND MAINTAIN

These seven habits are vital for successful Scripture memory.

## 1. START EARLY

Begin your memory work early in the day.

## 2. CARRY YOUR COPY

Keep your copy with you; review in free moments during the day.

## 3. LEARN TOPICS AND REFERENCES

Always state the topic first, then the reference. Next, quote the verse and repeat the reference.

## 4. MAINTAIN WORD PERFECTION

Keeping your standards high will bolster your confidence.

## 5. REVIEW ALL VERSES DAILY

For success, review all memorized verses at least once each day, six days a week.

## 6. CHECK OUT NEW VERSES

Be certain you have learned all new verses correctly. At week's end, write them out for yourself or quote them to a friend.

## 7. OVERLEARN YOUR VERSES

At least 36 repetitions, once a day for six weeks, are necessary to give a verse sufficient overlearning to assure instant recall. After this they should be kept available for periodic review in order to keep them sharp.

# A. IPAMUHAY ANG BAGONG BUHAY

## SI CRISTO ANG PINAKASENTRRO

### **A1** 2 CORINTO 5:17

Kaya't kung nakipag-isa na kay Cristo ang isang tao, isa na siyang bagong nilalang. Wala na ang dati niyang pagkatao, sa halip, ito'y napalitan na ng bago.

2 CORINTO 5:17

### **A2** GALACIA 2:20

Hindi na ako ang nabubuhay ngayon kundi si Cristo na ang nabubuhay sa akin. At habang ako'y nabubuhay pa sa katawang-lupa, mamumuhay ako sa pananalig sa Anak ng Diyos na umibig sa akin at naghandog ng kanyang buhay para sa akin.

GALACIA 2:20

## PAGSUNOD KAY CRISTO

### **A3** ROMA 12:1

Kaya nga, mga kapatid, alang-alang sa masaganang habag ng Diyos sa atin, ako'y nakikiusap na ialay ninyo ang inyong sarili bilang isang handog na buháy, banal at kalugud-lugod sa Diyos. Ito ang karapat-dapat na pagsamba ninyo sa Diyos.

ROMA 12:1

### **A4** JUAN 14:21

“Ang tumatanggap sa mga utos ko at tumutupad nito ang siyang umiibig sa akin. Ang umiibig sa akin ay iibigin ng aking Ama; iibigin ko rin siya at ako'y lubusang magpapakilala sa kanya.”

JUAN 14:21

## ANG SALITA

### **A5** 2 TIMOTEO 3:16

Ang lahat ng Kasulatan ay kinasihan ng Diyos, at nagagamit sa pagtuturo ng katotohanan, sa pagtatama sa maling katuruan, sa pagtutuwid sa likong gawain at sa pagsasanay para sa matuwid na pamumuhay,

2 TIMOTEO 3:16

### **A6** JOSUE 1:8

Huwag mong kaliligtaang basahin ang aklat ng kautusan. Pagbulay-bulayan mo iyon araw at gabi upang matupad mo ang lahat ng nakasaad doon. Sa ganoon, magiging masagana at matagumpay ang iyong pamumuhay.

JOSUE 1:8

## PANANALANGIN

### **A7** JUAN 15:7

Kung nananatili kayo sa akin at nananatili sa inyo ang aking mga salita, hingin ninyo ang anumang nais ninyo at ibibigay iyon sa inyo.

JUAN 15:7

### **A8** FILIPOS 4:6-7

Huwag kayong mabalisa tungkol sa anumang bagay. Sa halip, hingin ninyo sa Diyos ang lahat ng inyong kailangan sa pamamagitan ng panalangin may pasasalamat. At ang kapayapaan ng Diyos na hindi kayang maunawaan ng tao ang siyang mag-iingat sa inyong puso at pag-iisip dahil sa inyong pakikipag-isa kay Cristo Jesus.

FILIPOS 4:6-7

## PAKIKIPAGTIPON

### **A9** MATEO 18:20

Sapagkat saanman may dalawa o tatlong nagkakatipon sa pangalan ko, naroon akong kasama nila.”

MATEO 18:20

### **A10** HEBREO 10:24-25

Sikapin din nating gisingin ang damdamin ng bawat isa sa pagmamahal sa kapwa at sa paggawa ng mabuti. 25Huwag nating kaliligtaan ang pagdalo sa ating mga pagtitipon, gaya ng ginagawa ng ilan. Sa halip, palakasin natin ang loob ng isa't isa, lalo na ngayong nakikita nating malapit na ang araw ng Panginoon.

HEBREO 10:24-25

## PAGPAPATOTOO

### **A11** JUAN 1:3

Ipinapahayag nga namin sa inyo ang aming nakita't narinig upang makasama kayo sa aming pakikiisa sa Ama at sa kanyang Anak na si Jesu-Cristo.

1 JUAN 1:3

### **A12** MGA GAWA 5:41-42

Nilisan ng mga apostol ang Sanedrin at sila'y galak na galak sapagkat minarapat ng Diyos na sila'y magdanas ng panlalait alang-alang sa pangalan ni Jesus. At araw-araw, nagpupunta sila sa Templo at sa mga bahay-bahay upang magturo at mangaral tungkol kay Jesus, ang Cristo.

MGA GAWA 5:41-42

# B. IPAHAAYAG SI CRISTO

## ANG LAHAT AY NAGKASALA

### **B1** ROMA 3:23

Sapagkat ang lahat ay nagkasala, at walang sinumang nakaabot sa kaluwalhatian ng Diyos.

ROMA 3:23

### **B2** ISAIAS 59:2

Ang masasama ninyong gawa ang dahilan ng pagkawalay ninyo sa Diyos.

Nagkasala kayo kaya hindi ninyo siya makita, at hindi niya kayo marinig.

ISAIAS 59:2

## ANG PARUSA SA KASALANAN

### **B3** ROMA 6:23

Sapagkat kamatayan ang kabayaran ng kasalanan, ngunit ang libreng kaloob ng Diyos ay buhay na walang hanggan, sa pamamagitan ni Cristo Jesus na ating Panginoon.

ROMA 6:23

### **B4** HEBREO 9:27

Itinakda sa mga tao na sila'y minsang mamamatay at pagkatapos ay ang paghuhukom.

HEBREO 9:27

## INAKO NI CRISTO ANG PARUSA

### **B5** ROMA 5:8

Ngunit ipinadama ng Diyos ang kanyang pag-ibig sa atin nang mamatay si Cristo para sa atin noong tayo'y makasalanan pa.

ROMA 5:8

### **B6** 1 PEDRO 3:18

Sapagkat si Cristo na walang kasalanan ay namatay nang minsan para sa inyo na mga makasalanan, upang iharap kayo sa Diyos. Siya'y namatay ayon sa laman, at muling binuhay ayon sa Espiritu.

1 PEDRO 3:18

## KALIGTASAN - HINDI SA PAMAMAGITAN NG GAWA

### **B7** EFESO 2:8-9

Sapagkat dahil sa kagandahang-loob ng Diyos kayo ay naligtas sa pamamagitan ng pananampalataya; at ang kaligtasang ito'y kaloob ng Diyos at hindi sa pamamagitan ng inyong sarili; hindi ito bunga ng inyong mga gawa kaya't walang dapat ipagmalaki ang sinuman.

EFESO 2:8-9

### **B8** TITO 3:5

Iniligtas niya tayo, hindi dahil sa ating mabubuting gawa kundi dahil sa kanyang habag sa atin. Tayo'y ipinanganak na muli sa pamamagitan ng tubig at tayo rin ay binago ng Espiritu Santo.

TITO 3:5

## KAILANGANG TANGGAPIN SI CRISTO

### **B9** JUAN 1:12

Subalit ang lahat ng tumanggap at sumampalataya sa kanya ay binigyan niya ng karapatang maging mga anak ng Diyos.

JUAN 1:12

### **B10** ROMA 10:9-10

Kung ipahahayag ng iyong labi na si Jesus ay Panginoon at buong puso kang sasampalataya na siya'y muling binuhay ng Diyos, maliligtas ka. Sapagkat sumasampalataya ang tao sa pamamagitan ng kanyang puso at sa gayon ay pinapawalang-sala ng Diyos. Nagpapahayag naman siya sa pamamagitan ng kanyang labi at sa gayon ay naliligtas.

ROMA 10:9-10

## KATIYAKAN NG KALIGTASAN

### **B11** JUAN 10:28-29

Binibigyan ko sila ng buhay na walang hanggan. Kailanma'y hindi sila mapapahamak at hindi sila maaagaw sa akin ninuman. Ang aking Ama na siyang nagbigay sa kanila sa akin ay lalong dakila sa lahat, at hindi sila maaagaw ninuman sa aking Ama.

JUAN 10:28-29

### **B12** ROMA 8:16-17

Ang Espiritu ang nagpapatotoo, kasama ng ating espiritu, na tayo'y mga anak ng Diyos. At yamang mga anak, tayo'y mga tagapagmana ng Diyos at kasamang tagapagmana ni Cristo. Sapagkat kung tayo'y kasama niya sa pagtitiis, tayo'y makakasama niya sa kanyang kaluwalhatian.

ROMA 8:16-17

# K. MANALIG SA KAKAYAHAN NG DIYOS

## ANG KANYANG ESPIRITU

### **K1** 1 CORINTO 3:16

Hindi ba ninyo alam na kayo'y templo ng Diyos at naninirahan sa inyo ang kanyang Espiritu?

1 CORINTO 3:16

### **K2** JUAN 14:26

Ngunit ang Tagapagtanggol, ang Espiritu Santo na isusugo ng Ama sa pangalan ko, ang siyang magtuturo sa inyo ng lahat ng bagay at magpapaalala ng lahat ng sinabi ko sa inyo.

JUAN 14:26

## ANG KANYANG KALAKASAN

### **K3** ISAIAS 41:10

Ako'y sasaiyo, huwag kang matakot, ako ang iyong Diyos, hindi ka dapat mangamba. Palalaksin kita at tutulongan, iingatan at ililigtas.

ISAIAS 41:10

### **K4** 2 CORINTO 12:9

ganito ang kanyang sagot, “Ang pagpapala ko ay sapat sa lahat ng pangangailangan mo; lalong nahahayag ang aking kapangyarihan kung ikaw ay mahina.” Kaya't buong galak kong ipagmamalaki ang aking mga kahinaan upang lalo kong madama ang kapangyarihan ni Cristo.

2 CORINTO 12:9

## ANG KANYANG KATAPATAN

### **K5** PANAGHOY 3:22-23

Pag-ibig mo, Yahweh, ay hindi nagmamaliw; kahabagan mo'y walang kapantay. Ito ay laging sariwa bawat umaga; katapatan mo'y napakadakila. Si Yahweh ay akin, sa kanya ako magtitiwala.

PANAGHOY 3:22-23

### **K6** MGA BILANG 23:19

Ang Diyos ay di sinungaling na tulad ng tao. Anumang sabihin niya'y kanyang gagawin, kung mangako man siya, ito'y kanyang tutuparin.

MGA BILANG 23:19



## ANG KANYANG KAPAYAPAAN

### **K7** 1 PEDRO 5:7

Ipagkatiwala ninyo sa kanya ang inyong mga alalahanin sa buhay sapagkat siya ay nagmamalasakit sa inyo.

1 PEDRO 5:7

### **K8** ISAIAS 26:3

Binibigyan mo ng lubos na kapayapaan ang mga may matatag na paninindigan at sa iyo'y nagtitiwala.

ISAIAS 26:3

## ANG KANYANG PAGTUGON SA PANGANGAILANGAN

### **K9** ROMA 8:32

Kung ang sarili niyang Anak ay hindi niya ipinagkait, sa halip ay ibinigay para sa ating lahat, hindi kaya niya ibibigay sa atin ang lahat ng bagay?

ROMA 8:32

### **K10** FILIPOS 4:19

At buhat sa hindi mauubos na kayamanan ng Diyos, ibibigay niya ang lahat ng inyong kailangan sa pamamagitan ni Cristo Jesus.

FILIPOS 4:19

## ANG KANYANG PAGTULONG SA PANAHOON NG PAGSUBOK

### **K11** 1 PEDRO 4:12-13

Mga minamahal, huwag na kayong magtaka sa mabibigat na pagsubok na inyong dinaranas na para bang ito'y di pangkaraniwan. Sa halip, magalak kayo sa inyong pakikibahagi sa mga paghihirap ni Cristo upang maging lubos ang inyong kagalakan kapag nahayag na ang kanyang kadakilaan.

1 PEDRO 4:12-13

### **K12** 1 JUAN 5:4-5

sapagkat napagtagumpayan na ng mga anak ng Diyos ang sanlibutan; at nagtatagumpay tayo sa pamamagitan ng pananampalataya. Sino ang nagtatagumpay laban sa sanlibutan? Ang sinumang sumasampalataya na si Jesus ang Anak ng Diyos.

1 JUAN 5:4-5

# D. MAGING TAGASUNOD NI CRISTO

## UNAHIN SI CRISTO

### **D1** FILIPOS 3:8

Oo, itinuturing kong walang kabuluhan ang lahat ng bagay bilang kapalit ng lalong mahalaga, ang pagkakilala kay Cristo Jesus na aking Panginoon. Ang lahat ng bagay ay ipinalagay kong walang kabuluhan, makamtan ko lamang si Cristo

FILIPOS 3:8

### **D2** MATEO 10:37-38

“Ang umiibig sa kanyang ama o ina nang higit sa akin ay hindi karapat-dapat sa akin. Ang umiibig sa kanyang anak nang higit sa akin ay hindi karapat-dapat sa akin. Ang hindi pumapasan ng kanyang krus at hindi sumusunod sa akin ay hindi karapat-dapat sa akin.

MATEO 10:37-38

## HUWAG MAKIAYON SA SANLIBUTAN

### **D3** ROMA 12:2

Huwag kayong makiayon sa takbo ng mundong ito. Mag-iba kayo sa pamamagitan ng pagbabago ng inyong pag-iisip upang maunawaan ninyo ang kalooban ng Diyos; kung ano ang mabuti, kalugud-lugod at ganap na kalooban niya.

ROMA 12:2

### **D4** 1 JUAN 2:15-16

Huwag ninyong ibigin ang sanlibutan o ang mga bagay na nasa sanlibutan. Ang umiibig sa sanlibutan ay hindi umiibig sa Ama. Ang lahat ng nasa sanlibutan, ang masasamang nasa ng laman, ang nasa ng mga mata, at ang pagmamalaki sa mundong ito ay hindi nagmumula sa Ama kundi sa sanlibutan.

1 JUAN 2:15-16

## MAGING MATATAG

### **D5** 1 CORINTO 15:58

Kaya nga, mga minamahal kong kapatid, magpakatatag kayo at huwag matinag. Maging masipag kayo sa paglilingkod sa Panginoon, dahil alam ninyong hindi masasayang ang inyong paghihirap para sa kanya.

1 CORINTO 15:58

### **D6** HEBREO 12:1-2

Kaya nga, dahil napapaligiran tayo ng napakaraming saksi, talikuran natin ang kasalanan at ang anumang balakid na pumipigil sa atin. Buong tiyaga tayong tumakbo sa paligsahang ating sinalihan. Ituon natin ang ating paningin kay Jesus na siyang pinagmumulan at kabuuan ng ating pananampalataya. Dahil sa kagalakang naghihintay sa kanya, hindi niya ikinahiya ang mamatay sa krus, at siya ngayoy nakaupo sa kanan ng trono ng Diyos.

HEBREO 12:1-2

## MAGLINGKOD SA KAPWA

### **D7** 2 CORINTO 4:5

Hindi namin ipinapangaral ang aming sarili, kundi si Cristo Jesus bilang Panginoon. At kami ay lingkod ninyo alang-alang kay Jesus.

2 CORINTO 4:5

### **D8** MARCOS 10:45

Sapagkat ang Anak ng Tao ay naparito hindi upang paglingkuran kundi upang maglingkod at upang mag-alay ng kanyang buhay para sa ikatutubos ng marami.

MARCOS 10:45

## MAGBIGAY NANG BUKAL SA LOOB

### **D9** MGA GAWA 20:35

Sa lahat ng pagkakataon, ipinakita ko sa inyo na sa pamamagitan ng ganitong pagtatrabaho, dapat ninyong tulungan ang mahihina. Alalahanin natin ang mga salita ng Panginoong Jesus, 'Higit na mapalad ang nagbibigay kaysa tumatanggap.

MGA GAWA 20:35

### **D10** 2 CORINTO 8:2-3

Dumanas sila ng matinding kahirapan at ito'y isang mahigpit na pagsubok sa kanila. Ngunit sa kabila ng kanilang paghihikahos, masayang-masaya pa rin sila at bukás ang palad sa pagbibigay. Sila'y kusang-loob na nagbigay, hindi lamang sa abot ng kanilang kaya, kundi higit pa.

2 CORINTO 8:2-3

## MAGKAROON NG MALAWAK NA PANANAW SA MUNDO

### **D11** MGA GAWA 1:8

Subalit tatanggap kayo ng kapangyarihan pagbaba sa inyo ng Espiritu Santo, at kayo'y magiging mga saksi ko sa Jerusalem, sa buong Judea at sa Samaria, at hanggang sa dulo ng daigdig.

MGA GAWA 1:8

### **D12** MATEO 28:19-20

Kaya't habang kayo'y humahayo, gawin ninyong alagad ko ang mga tao sa lahat ng bansa. Bautismuhan ninyo sila sa pangalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo. 20Turuan ninyo silang sumunod sa lahat ng iniutos ko sa inyo. Tandaan ninyo, ako'y laging kasama ninyo hanggang sa katapusan ng panahon.

MATEO 28:19-20

# E. LUMAGO SA PAGIGING TULAD NI CRISTO

## PAG-IBIG

### **E1** 1 PEDRO 1:22

Ngayong malinis na kayo dahil sa inyong pagsunod sa katotohanan, at naghahari na sa inyo ang tapat na pag-iibigan bilang magkakapatid, nawa'y maging maalab at taos sa puso ang inyong pagmamahalan.

1 PEDRO 1:22

### **E2** COLOSAS 3:12-13

Kaya nga, dahil kayo'y hinirang ng Diyos, minamahal niya at pinili para sa kanya, dapat kayong maging mahabagin, mabait, mapagpakumbabá, mahinahon, at mapagtiis. Magpasensiya kayo sa isa't isa at magpatawad kayo kung may hinanakit kayo kaninuman. Magpatawad kayo gaya ng pagpapatawad sa inyo ng Panginoon.

COLOSAS 3:12-13

## KABABAANG-LOOB

### **E3** FILIPOS 2:3-4

Huwag kayong gumawa ng anuman dahil sa paghahangad ninyong maging tanyag; sa halip, bilang tanda ng pagpapakumbaba, ituring ninyong higit ang iba kaysa inyong mga sarili. Pagmalasakitan ninyo ang kapakanan ng iba, at hindi lamang ang sa inyong sarili.

FILIPOS 2:3-4

### **E4** 1 PEDRO 5:5-6

At kayo namang mga kabataan, pasakop kayo sa mga pinuno ng iglesya. Magpakumbabá kayong lahat sapagkat nasusulat, “Sinasaway ng Diyos ang mapagmataas, ngunit kinalaluguran niya ang may mababang kalooban.” Kaya nga, pasakop kayo sa kapangyarihan ng Diyos at dadakilain niya kayo pagdating ng takdang panahon.

1 PEDRO 5:5-6

## KALINISAN

### **E5** 1 PEDRO 2:11

Mga minamahal, nakikiusap ako sa inyo, bilang mga dayuhan at pansamantalang naninirahan lamang sa daigdig na ito, talikuran na ninyo ang masasamang hilig ng katawan na naghihimagsik laban sa inyong kaluluwa.

1 PEDRO 2:11

### **E6** 2 TIMOTEO 2:22

Kaya nga bilang isang kabataan, iwasan mo ang masasamang pagnanasa, subalit pagsikapan mong maging matuwid, tapat, mapagmahal at mapayapa, kasama ng mga taong may pusong malinis at tumatawad sa Panginoon.

2 TIMOTEO 2:22

## KATAPATAN

### **E7** MGA GAWA 24:16

Kaya't pinagsisikapan kong laging maging malinis ang aking budhi sa harap ng Diyos at ng tao.

MGA GAWA 24:16

### **E8** LEVITICO 19:11

Huwag kayong magnanakaw, mandaraya, o magsisinungaling.

LEVITICO 19:11

## PANANAMPALATAYA

### **E9** HEBREO 11:6

Kung hindi tayo sumasampalataya sa Diyos, hindi natin siya mabibigyang kaluguran, sapagkat ang sinumang lumalapit sa Diyos ay dapat sumampalatayang may Diyos na nagbibigay ng gantimpala sa mga nananalig sa kanya.

HEBREO 11:6

### **E10** ROMA 4:20-21

Hindi siya nag-alinlangan sa pangako ng Diyos. Sa halip, lalo siyang tumibay sa kanyang pananampalataya at nagpuri pa sa Diyos. Lubos siyang naniniwala na tutuparin ng Diyos ang ipinangako nito.

ROMA 4:20-21

## MABUBUTING GAWA

### **E11** EFESO 2:10

Sapagkat tayo'y nilalang ng Diyos; nilikha sa pamamagitan ni Cristo Jesus upang iukol natin ang ating buhay sa paggawa ng mabuti. Iyan ang layuning pinili ng Diyos para sa atin noong una pa man.

EFESO 2:10

### **E12** GALACIA 6:9-10

Kaya't huwag tayong magsawa sa paggawa ng mabuti; pagdating ng takdang panahon tayo ay aani kung hindi tayo magsasawa. Kaya nga, sa lahat ng pagkakataon ay gumawa tayo ng mabuti sa lahat ng tao, lalo na sa mga kapatid natin sa pananampalataya.

GALACIA 6:9-10

# G. PALAGUIN ANG PAG-UUGALING KRISTYANO

## DISIPLINA

**G1** 1 CORINTO 9:26-27

Hindi ako tumatakbo nang walang patutunguhan at hindi ako sumusuntok sa hangin. Subalit sinasanay ko at sinusupil ang aking katawan, upang sa gayo'y hindi ako maalis sa paligsahan pagkatapos kong mangaral sa iba.

1 CORINTO 9:26-27

**G2** GALACIA 5:24-25

At pinatay na ng mga nakipag-isa kay Cristo Jesus ang kanilang makasariling pagkatao, pati na ang mga masasamang hilig nito. 25Kung ang Espiritu ang nagbibigay-buhay sa atin, siya na rin ang paghariin natin sa ating buhay. 26Huwag na tayong maging palalo, huwag na nating galitin ang isa't isa, at huwag na rin tayong mag-inggitan.

GALACIA 5:24-25

## PAGPAPATAWAD

**G3** EFESO 4:31-32

Alisin na ninyo ang lahat ng sama ng loob, poot at galit; huwag na kayong mambubulyaw, manlalait at mananakit ng damdamin ng kapwa. Sa halip, maging mabait kayo at maawain; magpatawad kayo sa isa't isa tulad ng pagpapatawad sa inyo ng Diyos dahil kay Cristo.

EFESO 4:31-32

**G4** MATEO 6:14-15

"Sapagkat kung pinapatawad ninyo ang mga nagkakasala sa inyo, patatawarin din kayo ng inyong Ama na nasa langit. Ngunit kung hindi ninyo pinapatawad ang iba, hindi rin naman patatawarin ng inyong Ama ang inyong mga kasalanan."

MATEO 6:14-15

## PAGTITIIS

**G5** AWIT 37:7

Sa harap ni Yahweh ay pumanatag ka, maging matiyagang maghintay sa kanya; huwag mong kainggitan ang gumiginhawa, sa likong paraan, umunlad man sila.

AWIT 37:7

**G6** HEBREO 10:36

Kinakailangang kayo'y magtiis upang masunod ninyo ang kalooban ng Diyos at matanggap ninyo ang kanyang ipinangako.

HEBREO 10:36

## PAGIGING MAPAGPASALAMAT

### **G7** COLOSAS 2:6-7

Sapagkat tinanggap na ninyo si Cristo Jesus bilang Panginoon, mamuhay kayo sa paraang karapat-dapat sa kanya. Magpakatatag kayo at patuloy na lumago sa pagkakilala sa kanya. Magpakatibay kayo sa pananampalatayang itinuro sa inyo, at lagi kayong magpasalamat sa Diyos.

COLOSAS 2:6-7

### **G8** 1 TESALONICA 5:18

at magpasalamat kayo sa Diyos sa lahat ng pagkakataon; sapagkat ito ang kalooban ng Diyos para sa inyo sa inyong pakikipag-isa kay Cristo Jesus.

1 TESALONICA 5:18

## PAG-ASA

### **G9** TITO 2:13

habang hinihintay natin ang dakilang araw na ating inaasahan. Ito ang pagbabalik ng ating dakilang Diyos at Tagapagligtas na si Jesu-Cristo.

TITO 2:13

### **G10** ROMA 15:13

Puspusin nawa kayo ng Diyos na siyang bukal ng pag-asa, at nawa ay pagkalooban niya kayo ng kagalakan at kapayapaan sa pamamagitan ng inyong pananampalataya, upang mag-umapaw ang inyong pag-asa sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo.

ROMA 15:13

## KATIWASAYAN

### **G11** HEBREO 13:6

Kaya't buong tapang nating masasabi,  
“Ang Panginoon ang tumutulong sa akin, hindi ako matatakot.  
Ano ang magagawa sa akin ng tao?”

HEBREO 13:6

### **G12** ROMA 8:38-39

Sapagkat natitiyak kong walang makapaghihiwalay sa atin sa kanyang pag-ibig. Kahit ang kamatayan, ang buhay, ang mga anghel, ang mga pamunuan o ang mga kapangyarihan, ang kasalukuyan o ang hinaharap, ang kataasan, ang kalaliman, o alinmang nilalang ay hindi makapaghihiwalay sa atin sa pag-ibig ng Diyos na ipinagkaloob sa atin sa pamamagitan ni Cristo Jesus na ating Panginoon.

ROMA 8:38-39